

# TALONG

Ang talong *(Solanum melongena esculentum)* ay isa sa mga pangunahing gulay na malawakang itinatanim sa Asya, partikular sa Pilipinas. Ang mga sustansyang taglay nito ay *Potassium, Iron, Protein,* at bitamina *A* at *B*.

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Gumamit ng mabughag at luwad na uri at tekstura ng lupa na mayroong antas ng pH na 5.5-6.8. Nangangailangan ang talong ng 35 to 40 milimetro ng tubig bawat linggo.

Ang talong ay sensitibo sa pagtaas ng tubig o baha, at mahalumigmig naman sa yugto ng pamumulaklak at pagbubuo ng bunga. Nangangailangan ito ng temperatura na 20-30°C sa pagpapatubo ng punla, samantalang sa paglaki nito ay 21-30°C.

## PAGPILI NG BINHI

Ilan sa mga dapat isaalang-alang ang mataas na pagbunga; lokal na kondisyon tulad ng klima; kakayahan na labanan ang mga pangunahing sakit at peste; at demand sa merkado.

## PAGHAHANDA NG PUNLAAN

Ang isang ektaryang lupa ay nangangailangan ng 100 gramo ng buto. Ang isang gramo ay may higit kumulang na 250 na buto.

Ibabad sa malinis na tubig ang buto nang magdamag at patuyuin ito bago itanim. Mayroong dalawang pamamaraan sa paghahanda ng punla ng talong: ang seedbed method at paggamit ng kahon, tray/potlets.

1. **Seedbed Method:**

Pumili ng lugar na nasisikatan ng araw, mayroong maayos na daluyan ng tubig, malapit sa mapagkukunan ng tubig, at may harang sa malakas na hangin.

Suyurin ang lupa hanggang maging mabuhaghag ito. Gumawa ng kamang punlaan na may sukat na 1x10 metro at may taas na lupa na 15 sentimetro. Diligan ang kamang punlaan bago ito taniman. Ilagay ang mga buto sa mga tudling na may layo na 5 sentimetro at takpan ito muli ng lupa.

2. **Seedling tray/potlets:**

Maghanda ng lupa na may halong 1:1:1 na garden soil, carbonized rice hull (CRH), at compost. Ilagay ang potting medium sa seedling tray. Maglagay ng isang buto sa bawat butas ng seedling tray o potlet na may lalim na 1 sentimetro. Diligan ito pagkatanim.

## PANGANGALAGA SA MGA PUNLA

Diligan ang mga punla tuwing umaga at iwasan ang sobrang pagdidilig sa mga ito upang maiwasan ang damping-off at panqhihina ng mqa punla. Magbawas ng mga punla (thinning) pagkalipas ng 3 hanggang 5 araw pagkasibol nito. Isang linggo bago ito ilipat-tanim, dahan-dahang ilagay ang mga punla sa lugar na nasisikatan ng araw (hardening).

## MULCHING

Ang mulching ay isang paraan kung saan kinokontrol ang pagtubo ng damo, pinapanatili ang halumigmig ng lupa. Nakatutulong din ito sa pag-iwas ng pagguho ng lupa at pagtagas ng pataba, gayundin sa pagtaboy ng mga insekto. Maaaring gumamit ng plastik na mulch o mga materyales tulad ng tuyong coconut coir dust, rice straw, o rice hull.

## PAGLILIPAT-TANIM

Ilipat-tanim ang punla pagkalipas ng 30-35 na araw pagkatanim o kung may mapapansin na 3 hanggang 4 na dahon nito (true leaves).

## PATUBIG

Diligan ang kamang punlaan na mayroong plastic mulch dalawang araw bago ito paglipatan tanim. Ito ay paraan upang mapababa ang temperatura ng lupa bago ito taniman. Sa panahon ng tag-init magpadaloy ng tubig sa ika-7, 21, at 30 (DAT) na araw pagkalipat-tanim at sundan ito tuwing ika-10 araw. Tuwing panahon ng tag-ulan; maaari itong patubigan kung kinakailangan.

## PAGLALAGAY NG PATABA

Inirerekomenda na magpasuri ng lupa upang malaman ang tamang uri at dami ng pataba na gagamitin.

## PAMAMAHALA SA DAMO AT PRUNING

Sa taniman ng talong na walang mulch, tanggalan ng damo ang taniman o magbungkal ng mababaw papalayo sa ilalim ng halaman (off-baring) sa ika-14 na araw pagkalipat tanim at dagdagan naman ng lupa ang ilalim ng halaman (hilling-up) sa ika-21 na araw pagkalipat tanim.

Tanggalin ang ilang sanga at dahon ng talong upang magkaroon ng daloy ng hangin at mabawasan ang pagkakaroon ng sakit.

## PAMAMAHALA NG SAKIT ATPESTE

Ang pangkaraniwang pesteng kulisap ng talone ay Fruit at Shoot borer. At ang pangunahing sakit naman nito ay Bacterial at Fusarium wilt. Maiiwasan ang mga peste at sakit na ito sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kalinisan ng halamanan, paggamit ng mga uri ng talong na may kakayahan na makaiwas sa sakit at peste, at pagpapalit ng tanim (crop rotation). Kung ang halaman naman ay may sakit na, kinakailangan na itong bunutin at sunugin.

## PAG-AANI

Nagsisimula ang pag-aani ng talong pagkalipas ng ika 40 hanggang 50 na araw pagkalipat-tanim o depende sa barayti ng talong na iyong tinanim.

Anihin ang mga bunga sa umaga at iiwas ito sa araw, ulan, o anumang bagay na makasisira dito. Ilagay ang mga ani sa plastic bags na may butas upang makapasok ang hangin.

Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Department of Agriculture—Agricultural Training Institute.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa
pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com